



# Impormasyon ng Bakuna

Maingat na basahin ang impormasyon sa ibaba bago pirmahan ang porma ng pagpayag. Para dagdag sa kaalaman, bisitahin ang [healthywa.wa.gov.au/immunisation](https://healthywa.wa.gov.au/immunisation)

	Human Papillomavirus (HPV)	Diphtheria-tetanus-pertussis (dTpa)
<p><b>Ano ang sakit?</b></p>	<p><b>Human papillomavirus (HPV)</b> ay isang karaniwang mikrobyo (virus) na nakakaapekto sa mga babae at lalaki. Ang HPV ay lubhang nakakahawa at umaabot sa 90% ng mga taong sekswal na aktibo ay maiimpeksyon ng HPV sa isang tiyempo ng kanilang mga buhay. Nalilinis ng katawan ang impeksyon sa natural na paraan at sa karamihang klase ng HPV, walang sintomas na makikita. Ngunit ang ilang klase ng HPV ay nagsasanhi ng mga kulugo sa henital (genital warts) at ang ilang klase ng virus ay maaaring manatili sa katawan at sa paglipas ng maraming taon, magdudulot ng kanser sa cervix, sa mga lugar ng ari [puki (vagina), labi ng puki (vulva), uten (penis) ] puwit (anus) at bibig at lalamunan.</p>	<p><b>Diphtheria</b> ay isang nakakahawa at nakakamatay na impeksyong galing sa baktirya na nagsasanhi ng mga kahirapan sa paghinga, pagtigil sa pagtibok ng puso at pagkasira sa ugat (nerve damage).</p> <p><b>Tetanus</b> ay isang grabe, kalimitang nakakamatay na sakit mula sa baktirya na umaapekto sa sistema ng nerbiyos. Ang mga taong na-tetanus ay dumaranas ng masakit na mga pagpulikat ng masel, mga pagkikisay at paninigas ng panga. Itong mga pulikat ay nakakaapekto sa buong katawan na nagsasanhi ng pagkakasakal at pagtigil ng puso. Kahit ngayong may modernong masidhing pangangalaga, karamihang isa sa 50 na taong na-tetanus ay mamamatay.</p> <p><b>Pertussis</b>, o mahigpit na pag-ubo ay isang lubhang nakakahawang respiratoryong sakit na mapanganib sa mga sanggol. Mga isa sa 125 na mgasanggol na wala pang anim na buwan na nagkakasakit ng pertussis ay mamamatay sa pneumonia o pagkasira sa utak. Ang mga tin-edyer at adulto na mayroong pertussis ay daranas sa mga sintomas na parang may sipon at matinding ubo ng hanggang tatlong buwan.</p>
<p><b>Paano naikakalat ang sakit?</b></p>	<p>Ang <b>HPV</b> ay naikakalat sa pamamagitan ng balat-sa-balat ng henital (genital-skin to genital-skin) na paglalapat habang nagtatalik (sexual activity) sa isang taong may virus. Ang HPV virus ay mikroskopiko (microscopic) kaya't nakakalusot sa maliliit na mga butas ng balat. Hindi ito naikakalat sa dugo. Ang mga kondom (condom) ay hindi nakakatulong sa proteksyon laban sa HPV, dahil hindi nito mababalutan ang lahat ng balat sa lugar ng henital.</p>	<p><b>Diphtheria</b> na baktirya ay nabubuhay sa bibig, ilong, lalamunan o balat ng mga taong naimpeksyon. Nasasagap ng tao ang baktiryang diphtheria sa pagkalahap matapos umubo o mabahin ang taong may impeksyon. Nasasagap din ng tao ang diphtheria sa pagkakasagi sa laway, siningahan ng taong may impeksyon galing sa bibig, ilong o lalamunan o balat.</p> <p><b>Tetanus</b> ay sanhi ng baktiryang matatagpuan sa lupa o tae. Ang baktirya ay nakapasok sa katawan sa sugat na kasingliit ng butas ng karayom. Hindi ito naisasalin ng tao sa tao.</p> <p><b>Pertussis</b>, o mahigpit na pag-ubo ay madaling naikakalat ng taong may impeksyon kung umubo o mabahin, ang baktirya ay nasa ere na masisinghot ng ibang taong nasa kalapit. Kung hindi nalunasan, ang taong may pertussis ay makakahawa ng iba hanggang tatlong linggo mula sa paglitaw ng mga sintomas.</p>

	Human Papillomavirus (HPV)	Diphtheria-tetanus-pertussis (dTpa)
<p><b>Ang bakuna ba ay ligtas at epektibo?</b></p>	<p>Oo, Mahigit sa 270 milyong dosis ng HPV vaccine ang naibigay sa buong mundo nang nakaraang dekada, ito ay rekomendado ng World Health Organisation, at ligtas at tanggap ng katawan. Ang <b>HPV</b> immunisasyon ay mabisang gumagana kapag naibigay sa murang edad dahil malakas ang pagsagap ng naturalesa at napakamabisa ang epekto kung natanggap ng katawan bago pa magkaroon ng sekswal na aktibidad. Ang HPV vaccine ay 85–100% epektibo sa paghahadlang ng mga pangunahing klase ng impeksyon sa HPV nanagsasanhi ng mga kanser at genital warts. Ang lahat ng mga kababaihang nabigyan ng HPV vaccine ay kailangan pa ring magpa-screening sa cervical cancer dahil hindi lahat nasasasakop ng bakuna ang lahat ng klase ng HPV. Milyong dosis nitong bakuna ang naibigay na sa buong mundo; ito ay ligtas at tanggap ng katawan.</p> <p>Ito ay 2 dosis na pagbabakuna. Mahalagang mainiksyunan ang inyong tin-edyer ng dalawang dosis upang matiyak na sila ay sapat na napoprotektahan.</p>	<p>Ang dTpa vaccine ay napaka-epektibo sa paghadlang ng diphtheria at tetanus at mga 80% na epektibo sa paghadlang ng pertussis.</p> <p>Itong booster vaccine ay may mababang tapang ng timpla (concentration) lalo na sa diphtheria at pertussis namga bahagi (components) kumpara sa bakunang ibinigay noong murang edad na pagkabata. Ang booster vaccine ay ligtas at tanggap ng katawan.</p>
<p><b>Ano ang posibleng mga epekto at anong magagawa kung mangyari ito?</b></p>	<p><b>Karaniwang mga epekto</b> Pagsakit/pamumula/pangangati/maliit na bukol sa pinag-iniksyunan. Panlunas: tapalan ng malamig, mabasa-basang tela ang lugar.</p> <p><b>Bihirang karaniwang mga epekto</b> Mababaw na lagnat, masamang lasa, nasusuka, masakit ang ulo. Panlunas: uminom ng Paracetamol ayon sa etiketa at uminom ng dagdag na mga likido. Kung tuloy ang lagnat, magtungo sa inyong doktor(GP).</p> <p><b>Kasukdulan na bihirang mga epekto</b> Posible ang seryosong mga epekto pero bihira. Halimbawa ay pamamaga ng mukha o kahirapang huminga. Gaya ng alinmang gamot, malayong mangyaring ang bakuna ay magsanhi ng seryosong kapansanan o pagkamatay. Kung grabe o patuloy ang reaksiyon, humanap ng dagling panlunas at tumawag sa inyong lokal na ospital.</p>	<p><b>Karaniwang mga epekto</b> Katamtamang temperatura (mababa sa 38°C) Panlunas, uminom ng Paracetamol ayon sa etiketa at uminom ng dagdag na mga likido. Kung tuloy ang lagnat, magtungo sa inyong doktor(GP). Pagsakit/pamumula/pangangati/maliit na bukol sa pinag-iniksyunan. Panlunas: tapalan ng malamig, mabasa-basang tela ang lugar.</p> <p><b>Kasukdulan na bihirang mga epekto</b> Brachial neuritis (pamamaga ng ugat sa braso, nagsasanhi ng panghihina at pamamanhid). Posible ang seryosong mga epekto pero bihira. Halimbawa ay pamamaga ng mukha o kahirapang huminga. Gaya ng alinmang gamot, malayong mangyaring ang bakuna ay magsanhi ng seryosong kapansanan o pagkamatay. Kung grabe o patuloy ang reaksiyon, humanap ng dagling panlunas at</p>

Nilikha ng Communicable Disease Control Directorate  
© Department of Health 2019

Ang kopirayt sa materyal na ito ay lubos sa Estado ng Kanlurang Australya maliban kung taliwas na sinabi. Bukod sa parehas na pakikitungo para sa mga pakay na pribadong pag-aaral, pananaliksik, kritisismo o pagrepaso, na pinapayagan sa ilalim ng mga probisyon ng *Copyright Act 1968*, hindi maaaring tularan o gamitin ang anumang bahagi para sa alinmang pakay na walang isinulat na pahintulot ng State of Western Australia.